Mga Pag-aaral sa Unang Pedro

John Williams

Salin sa Tagalog ng “Studies in First Peter”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Kaligtasan (1 Peter 1:1-21)

PANIMULA: Isa sa mga paulit-ulit na tema ng unang kabanatang ito ang "Kaligtasan" (5, 9, 10). Pansinin ang mga panahunan ng Kaligtasan: nakaraan (2, 10), kasalukuyan (9), hinaharap (5). Isipin ang diing ito laban sa kaligiran ng sariling buhay ni Pedro ("Panginoon, iligtas mo ako!" Matt. 14:30) at ng kanyang pangangaral (Acts 2, Acts 10, atbp.). Ang "kaligtasan" sa Kasulatan ay kadalasang umuusad mula sa pisikal na pagliligtas tungo sa espirituwal na paglaya.

I. Ang Plano ng Kaligtasan. v 1-2.

- Ang sumulat; ang mga mambabasa (pagkatawag, lugar, "dalawang pagkamamamayan").

- Nakikita ni Pedro ang mga bagay sa tamang pananaw: "Ang pagliligtas ay sa Panginoon" (Jonah 2:9).

- Kasangkot ang Trinidad: Ama = ang May-akdang bumuo ng plano; Anak = ang Tagapagsagawa na tumupad nito; Espiritu = ang Tagapagpatupad na naglalapat nito.

- Pansinin ang layunin ng paghirang.

II. Ang Likas na Katangian ng Kaligtasan. v 3-9.

(a) Isang Buháy na Pag-asa — ihambing sa v 13 ("inaasahan").

- Ang pinagmulan nito — Awa ng Diyos.

- Ang batayan nito — Muling Pagkabuhay.

- Ang laman nito — "isang mana" (4); "ang pagpapakita" kay Cristo (7, 13).

- Ang mga nakikinabang dito: "ipinanganak na muli", "iniingatan".

(b) Isang Tunay na Pananampalataya — vs 5, 7, 9 (8).

- Ang Patunay ng pananampalataya 5, 7.

- Ang Halaga ng pananampalataya 7.

- Ang Wakas (layunin) ng pananampalataya 7, 9.

- Ang Layon ng pananampalataya 8.

(c) Isang Tapat na Pag-ibig v 8.

III. Ang Hula tungkol sa Kaligtasan. v 10-12.

Madalas magsalita si Pedro tungkol sa lugar at kahalagahan ng Kasulatan (1:23-25, 2:6-8, 2 Pet. 1:19-21, 2:21-22, 3:15-16).

- Ang Pagkasi sa mga "Propeta" — Pansinin ang kanilang pagsasaliksik pagkatapos ng kanilang panghuhula.

- Ang Pahayag sa mga Propeta: tungkol sa Krus, sa mga kaluwalhatiang susunod, at na naglingkod sila para sa mga susunod na salinlahi. (Ipinakikita nito ang kahalagahan ng Lumang Tipan ngayon.)

- Ang Pagpapahayag ng Salita ng mga Mangangaral na "kinasihan". v 12.

IV. Ang Katibayan ng Kaligtasan v 13-17.

Idinidiin ng mga talatang ito ang pangangailangan ng banal na pamumuhay.

(a) Ang Daan tungo sa Kabanalan: Tamang pag-iisip ... saloobin ... pananaw.

(b) Ang Katangian ng Kabanalan — Pagsunod 14.

- Paghiwalay sa Kasalanan 14.

- Pagtulad kay Cristo 15-16.

- Paggalang 17 (Ang Diyos bilang Amang Hukom).

- Saloobin ng manlalakbay v 17 (v 1).

V. Ang Halaga ng Kaligtasan v 18-21.

(a) Ang Persona na Tumubos sa Atin: "Mesiyas", "Kordero", "itinalaga na noong una", "nahayag".

(b) Ang Halaga ng Pagtubos: "mahalagang dugo" (Pansinin ang mga pagkakaiba).

(c) Ang Layunin ng Pagtubos v 20-21.

(d) Ang Kasunod: Kaluwalhatian ng Muling Pagkabuhay.

(John Williams)

Mga Larawan ng Buhay Cristiano (1 Peter 1:22 – 2:10)

PANIMULA.

- Isang serye ng mga paglalarawan ng buhay Cristiano.

- Ihambing sa "Bahay ng Tagapagpaliwanag" (John Bunyan).

- Idinidiin ni Pedro ang pananagutan.

- silid ng sanggol, arkitektura, ang Tabernakulo, Oseas.

I. Mga Bagong Silang na Sanggol. 1:22 – 2:3.

Pamilyar na larawan (Bagong Tipan); muling pagsilang: pamilya, atbp.

(a) Himala ng Bagong Pagsilang.

(i) Katotohanan — "Yamang ipinanganak na muli" (perpektong panahunan) (23) — ihambing sa John 3; 2 Cor. 5:17 (bago).

(ii) Paraan — "sa inyong pagsunod sa katotohanan" (22), ibig sabihin ay pananampalataya, pagtitiwala. Ihambing sa John 3:36. Pananampalataya = pagpapasakop sa kalooban ng Diyos.

(iii) Kasangkapan — Salita ng Diyos: "binhing walang kasiraan" (ihambing sa pagsilang ng tao). Mga sinasabi tungkol sa Biblia: "binhing walang kasiraan", "Salita ng Diyos"; "nabubuhay, namamalagi"; "walang hanggan"; "ipinangaral sa Ebanghelyo".

(iv) Mga Katibayan — Kalinisan (22); tapat at maalab na pag-ibig (22); Pagtalikod sa kasalanan (masamang hangarin, daya, pagkukunwari, inggit, paninirang-puri).

(b) Lihim ng Espirituwal na Paglago.

(i) Linangin ang gana 2:2 — hindi ito likas; kailangang paunlarin.

(ii) Bantayan ang iyong listahan ng pagkain — "tapat na gatas ng Salita", o mas mabuti: "espirituwal na gatas na walang daya" — kaparehong salita sa Rom. 12:1.

- Kailangan natin ang gatas na walang halo at hindi binantuan para lumago.

- Ang "lumago sa kaligtasan" ay nangangahulugang pagiging ganap o hustong gulang.

II. Mga Batong Buháy sa Isang Espirituwal na Bahay 2:4-8.

- "Mga Batong Buháy" (kabalintunaan!) sa pakikipag-isa sa "Batong Buháy".

- Pansinin: pagsasarili at pagtutulungan; layunin.

- Magandang pahayag kay Cristo bilang Pinakamataas sa lahat:

(a) Buháy — nagbibigay-buhay.

(b) Itinakwil (ng mga tao).

(c) Pinili (ng Diyos).

(d) Mahalaga (sa mananampalataya).

- Kahulugan ng mga sinipi mula sa Lumang Tipan: Isaiah 28:16; Psalm 118:22; Isaiah 8:14.

- Isang Espirituwal na Bahay — ibig sabihin ay ang iglesia. Ihambing sa 1 Cor. 3:9, 17 (tinatahanan ng Espiritu).

- "kayo'y itayo" (utos), ibig sabihin ay umakma sa plano ng Diyos.

III. Mga Saserdoteng Hari.

- "Banal" (5), "Maharlika" (9) na Pagkasaserdote (Pagkatawag at Pagkatao).

- Pagkasaserdote ng lahat ng mananampalataya (may kinalaman sa gawain at pagsamba).

- Pinakamainam na maunawaan laban sa kaligiran ng Lumang Tipan.

- "mga espirituwal na hain" (ihambing sa Hebs. 13): Panalangin, Papuri, Praktikal na Pagka-Cristiano.

IV. Isang Banal na Bansa. 2: v 9-10.

- Kinukuha ni Pedro ang mga pananalitang orihinal na ginamit sa Israel (Is. 43:20; Mal. 3:17; Ex. 19:6; Hosea 1:6-10; 2:23) at inilalapat ang mga ito sa Iglesia.

- Pansinin ang mga pagkakaiba at ang layunin ng Diyos 9.

- Biyayang Humihirang at Pag-ibig na Tumutubos.

Mga Pananagutang Cristiano (1 Peter 2:11-25)

PANIMULA. Matapos magsalita tungkol sa ating mga pribilehiyo, itinuturo naman ngayon ni Pedro ang ating mga pananagutan, lalo na bilang mga kasapi ng lipunan. Ang mga prinsipyong ito ng ugaling Cristiano ay angkop pa rin sa mundo ngayon.

I. Ang Ating Kaugnayan sa Mundo. v 11-12. ("nasa mundo pero hindi taga-mundo") Nabubuod sa apat na salita.

(a) "Mga dayuhan" (11) — taong nanirahan sa ibang bansa, isang banyagang walang karapatan ng mamamayan.

- Ihambing sa Israel sa Egipto. Acts 13:17; Phil. 3:20.

- Ang mga Cristiano ay may "dalawang pagkamamamayan".

(b) "Mga manlalakbay" (11) — (idinidiin ang direksyon at patutunguhan).

- Ihambing sa mga Patriarka — Heb. 11:13, "mga taga ibang lupa at mga nakikipamayan".

- Paghiwalay, hindi pagbubukod ng sarili sa lahat.

(c) "Mga umiiwas" (11) — "sa mga pitang laman".

- "laman" = ang walang-pigil na likas ng tao na hiwalay sa Diyos.

- Ihambing sa Gals. 5:19-21 (hindi lang pisikal) — isang pangit na listahan.

- Pansinin ang larawan ng "labanan"; ihambing sa Roms. 7, Eph. 6, Jas. 4:1.

(d) Mga Saksi (12) — gawa sa halip na salita ("binagong pag-uugali") (Matt. 5:16) — patahimikin ang paninirang-puri sa pamamagitan ng kabutihan. (Bakit sinisiraan ang mga Cristiano?)

- "araw ng pagdalaw" — mga panahon ng salot, taggutom, trahedya, atbp.

II. Tamang mga Saloobin v 13-19 (Pansinin ang Buod sa talatang 17).

Susi = Motibasyon: "dahil sa Panginoon" (ibig sabihin, dahil ikaw ay Cristiano).

(a) Pagpapasakop: 13-14.

(i) Pamahalaan (pambansa, "lokal") (Kataas-taasan at nasa ilalim). Sa literal: "bawat banal na kaayusan sa gitna ng mga tao".

- Tinitingnan ni Pedro ang lipunan (kasama ang mga namumuno sa lahat ng antas) bilang inayos ng Diyos.

- Pansinin ang layunin ng awtoridad sa lipunan (moral at pisikal na kapakanan).

- May hangganan ba ang "pagpapasakop"? Halimbawa, kung mabigo ang mga namumuno sa layuning ito; o Acts 5:29.

- Pagka-Cristiano laban sa anarkiya. Roms. 13:1, 1 Tim. 2:2, atbp.

- Ano ang "pagpapasakop" sa isang demokratikong lipunan? (ihambing sa awtoritaryan, totalitaryan).

(ii) "Amo" 18.

- May natatanging problema ang pang-aalipin para sa mga Cristiano pero malinaw ang turo.

- Hindi basta-basta ang tugon (tingnan ang Filemon).

- Maaari ba itong ilapat sa ugnayan ng manggagawa at pamunuan ngayon?

(b) Paggawa ng mabuti. 15 — ang pinakamataas nating tungkulin sa lipunan.

- Bunga: "binubusalan" ang mga mangmang.

(c) Kalayaan pero para maglingkod 16.

- Kalayaan para gumawa, hindi kalayaan mula sa lahat (may hangganan ang kalayaan).

- Pagka-Cristiano laban sa kawalang-pigil (ihambing sa Roms. 6).

(d) Biyaya 19-20.

- Pagtitiis sa harap ng paghihirap na hindi nararapat.

III. Ang Halimbawa ni Cristo. v 20-25 (paghihirap na hindi nararapat).

(a) Ang Pansariling panig ng Pagbabayad-sala (kaligiran ng Lumang Tipan).

- "Halimbawa" (linyang kokopyahin); "sundan nang malapit ang kanyang mga hakbang".

- Hindi "panggagaya kay Cristo". (Pansinin: "na hindi nagkasala" — puna ni Pedro!)

- Tingnan ang v 24: Pakikiisa kay Cristo.

(b) Ang Panlabas na panig ng Pagbabayad-sala (ang kamatayan ni Cristo).

- Kusang-loob (24)

- Bilang hain (23)

- Bilang kahalili (24)

- Nagliligtas (24)

Pansinin ang mahahalagang sinipi mula sa Lumang Tipan: Isaiah 53 (Paskuwa, Kambing na pinawawalan, atbp.).

(c) Si Cristo ang Pastol (at ang tagapangasiwa).

(John Williams.)

Pag-aasawang Cristiano (1 Peter 3:1-7)

PANIMULA: Sa bahaging ito ng kanyang sulat, si Pedro, na isa ring lalaking may asawa, ay nagbibigay ng praktikal na payo sa mga Cristianong asawang lalaki at babae. Matibay ang paninindigan ng Bagong Tipan sa katapatan sa pag-aasawa at sa disiplinadong buhay-pamilya (ihambing sa mga makabagong ideya).

I. Payo sa mga Asawang Babae. v 1-6.

(a) Pangaral at pagpapalakas ng loob.

- "Gayundin", ibig sabihin ay ang parehong diwang ipinakita sa kab. 2.

- Ang konteksto ay tungkol sa Cristianong asawang babae at paganong asawang lalaki; mas malawak ang aplikasyon.

(i) Pagpapasakop.

- Hindi pagkaalipin, ni pagiging mas mababa.

- Tanggapin ang mga papel na bigay ng Diyos — 1 Cor. 11:3, Eph. 5:23.

- Pagpapasakop na may layunin: sa asawa alang-alang kay Cristo.

- Ihambing: "Ang Salita" — "kahit walang salita": makahulugang katahimikan.

- May hangganan ba? — halimbawa, Acts.

(ii) Kalinisan.

- "Malinis na pamumuhay" — walang ibinibigay na dahilan para paghinalaan.

- Ihambing sa Titus 2:3-5 (walang dungis). Ang hirap ng lipunan noong panahon ng Bagong Tipan.

(iii) Paggalang (ang tono ng buhay).

- May mga taong nagmamasid. Dapat tayong mamuhay nang may paggalang sa Diyos.

(iv) Tamang pagpapahalaga. (Isang kursong "Kagandahang Cristiano"):

- Negatibong panig: hindi mamahaling ayos ng buhok, marangyang pagwawaldas.

- Positibong panig: panloob sa halip na panlabas ("nakatago") — kasuotang walang kasiraan; maamo at tahimik na espiritu (mahalaga sa Diyos).

(b) Mga Halimbawa.

Mga banal na babae ng nakaraang mga salinlahi, halimbawa si Sara.

- Mga Katangian: "umaasa sa Diyos", pinili ang panloob na palamuti, nagpapasakop sa asawa; halimbawa, tinanggap ni Sara ang pagkaulo ni Abraham.

- Ang mga espirituwal na inapo ay kilala sa kahinahunan, kapanatagan, tapang, atbp.

II. Payo sa mga Asawang Lalaki. v 7.

Bakit napakaraming espasyo para sa "I" at napakaliit para sa "II"?

- a. Katapatan (bunga ng pag-ibig, ihambing sa Eph. 5:25). (Pansinin ang pagtutugunan) laban sa Diborsyo, atbp.

- b. Pagiging maalalahanin — "kaalaman" — makibahagi sa mga gawaing-bahay.

- c. Kagandahang-asal: paggalang, pagkamaginoo: mahina / mas mababa.

- d. Pagtutugma: "kapwa tagapagmana" — espirituwal na pagkakapantay, bawat isa para sa isa't isa.

- e. Pakikipag-isa — manalanging magkasama (mga hadlang).

(John Williams)

Ang Pagkapanginoon ni Cristo (1 Peter 3:8-22)

PANIMULA. Matapos talakayin ang mga tiyak na bahagi ng buhay — halimbawa, lipunan, trabaho, pamilya — nagbibigay naman ngayon si Pedro ng mas pangkalahatang etikang Cristiano. Idinidiin niya ang kahalagahan ng "mabuting budhi" at ipinaaalala sa kanyang mga mambabasa ang kahalagahan ng Muling Pagkabuhay. Ang susing parirala: "Si Cristo bilang Panginoon" v 15 (Ihambing sa Phil. 2:1-4).

I. Pag-uugali sa Kapwa Cristiano v 8-11.

(a) Pagkakaisa.

- Pagkakaisa ng isip, hindi pagkakapare-pareho.

- Linangin ang magkakatulad na interes batay sa Kasulatan. "Sa mahahalaga, pagkakaisa; sa hindi mahahalaga, pagpaparaya — sa lahat ng bagay, pag-ibig."

- Ihambing sa Phil. 2:2, 4:2; Ephesians 4:3-4.

(b) Pakikiramay (habag).

- Ang reklamo ni Jesus tungkol sa Kanyang salinlahi — Matt. 11:16-18.

- Ihambing sa 2 Cor. 1:4 — Pakikiramay na isinilang mula sa paghihirap.

(c) Pag-ibig sa kapatid.

- Mahalaga sa Bagong Tipan: usapin ng Pagsunod — John 13:34, 15:12.

- Katibayan ng Kaligtasan — 1 John 3:14-15.

- Patotoo sa mundo — John 13:35.

(d) Malambot na puso.

- Kakaibang salita sa Griyego: nangangahulugang "malakas ang loob-loob" (ang kalooban bilang upuan ng damdamin).

- Ang "pisyolohiya" ng damdamin.

- Isang kabutihang tulad ng kay Cristo (ihambing sa Eph. 4:32).

- Madalas takot ang mga Cristiano na ipakita ang kanilang damdamin.

(e) Kababaang-loob.

- Isang kabutihang tunay na Cristiano — Matt. 11:29.

- Tingnan ang Phil. 2:1-3; 1 Peter 5:6. "tapis ng kababaang-loob".

II. Pag-uugali sa Mundong Hindi Cristiano. v 9-17.

(a) Espiritung mapagpatawad (hindi mapaghiganti): mga positibong hakbang: "pagpapala".

- "mga baga ng apoy" Rom. 12:20; ihambing sa Matt. 5:44, Eph. 4:32.

- Sinipi ang Ps. 34:12-16. Bantayan ang iyong mga salita at gawa.

- Nagmamasid ang Diyos (ihambing kay Hagar).

(b) Sigasig sa kabutihan (maaaring may kasamang paghihirap).

(c) Pagtitiwala (hindi pagkabalisa).

(d) Pagiging alerto (sa pagpapatotoo). Pansinin: "Si Cristo bilang Panginoon".

III. Ang Tagumpay ni Cristo. v 18-22.

(a) Ang Kanyang Kamatayan.

- Bilang hain — "dahil sa mga kasalanan".

- Sapat — "minsan magpakailanman".

- Bilang kahalili — "ang matuwid dahil sa mga di-matuwid".

- Nagliligtas — "upang tayo'y madala sa Diyos" (pakikipagkasundo).

(b) Ang Kanyang Muling Pagkabuhay.

- "binuhay ng Espiritu" (o "sa espiritu" R.V.).

- Paalala tungkol sa "mga espiritung nasa bilangguan" (dalawang pangunahing interpretasyon).

- Ang sambahayan ni Noe ay naligtas "sa pamamagitan ng" tubig.

- Baha (sagisag), Bautismo (katapat na sagisag), Gawa ni Cristo (Orihinal na huwaran).

- Hindi "muling pagsilang sa bautismo" — ihambing sa v 21b: Pansinin ang "paghiling".

(c) Ang Kanyang Pag-akyat sa Langit.

"Si Jesucristo ay Panginoon".

(John Williams)

"Ito ang Buhay Mo" (1 Peter 4:1-19)

PANIMULA: Sa mapanuring kabanatang ito, pinapayuhan ni Pedro ang kanyang mga mambabasa na tuklasin at gawin ang Kalooban ng Diyos. Kasama rito ang paghihirap at hindi pagkakaintindihan. Aalalayan ang Cristiano ng Espiritu Santo at palalakasin ng loob ng pag-asa sa isang "maliwanag na bukas".

I. Pamumuhay sa Kalooban ng Diyos. v 1-2.

- Ang mahiwagang pakikiisa kay Cristo sa Kanyang kamatayan ang lihim ng espirituwal na tagumpay.

- "nagbata dahil sa atin sa laman" = namatay (ihambing sa 3:18).

- Kailangan ang "pagbilang" — saloobin at layunin ng isip v 2.

- Isang labanan — kailangan ang "espirituwal na muling pag-aarmas".

- Patuloy at sinasadyang pagpili sa pagitan ng "Kalooban ng Diyos" o "ng pita ng laman". Roms. 6:11.

II. Pamumuhay sa Laman. v 3-6.

- Mabuti kung minsan na lumingon sa nakaraan (nang may pasasalamat!).

- Isang hindi kaaya-ayang listahan ng kasamaan.

- Hindi maiiwasan ang paghiwalay, pagtatakwil, at hindi pagkakaintindihan.

- Hindi mo matatakasan ang Diyos magpakailanman! (5)

- v 6 (Mahirap). Malamang na ang ibig sabihin: kahit ang mga Cristianong namatay na (sa katawan) ay hindi

nakatakas sa bunga ng kasalanan (kamatayan) pero nakatakas sila sa huling paghuhukom.

III. Pamumuhay bilang Mabubuting Katiwala v 7-11.

- Ang pag-iisip tungkol sa hinaharap ay nakaaapekto sa kasalukuyan (ihambing sa 1 John 2:28, 3:3).

(a) Mga personal na kabutihan: v 7 — Pagkatimbang (matinong pag-iisip); Pagpipigil; Pananalangin.

(b) Mga panlipunang kabutihan: v 8 — maalab at mapagpatawad na pag-ibig; (walang hinihintay na kapalit) na pagpapatuloy sa bahay (pag-ibig sa mga dayuhan).

- Pagkakatiwalang Cristiano: Pansinin ang charisma (kaloob); ang "sari-saring" biyaya (charis) ng Diyos (ihambing sa 1:6).

- Pasalita at praktikal.

- Mga mapagkukunan at motibasyon.

- Doksolohiya.

IV. Pamumuhay bilang isang "Cristiano" v 12-19.

- Ang nagpapadalisay na proseso ng paghihirap.

- Pakikibahagi sa paghihirap at kaluwalhatian ni Cristo.

- Ipinangako ang lakas ng Espiritu.

- Nararapat o hindi nararapat na paghihirap.

- Ang pagsasala ng banal na paghuhukom.

- Isang "Tapat na Lumikha".

(John Williams)

"Nagmamalasakit ang Diyos" (1 Peter 5:1-14)

PANIMULA: Sa huling kabanatang ito ng kanyang sulat, gumagawa si Pedro ng huling pakiusap sa kapwa niya Cristianong pinuno at sa buong bayan ng Diyos. Lalo niyang pinahahalagahan ang pagdidiin sa tamang motibasyon at wastong pananaw. Anuman ang kanilang karanasan ngayon, tiyak ang kanilang kinabukasan.

1. Babalik ang Punong Pastol. v 1-4.

Ang pakiusap ni Pedro bilang kapwa matanda, bilang saksing nakakita ng paghihirap ni Cristo, bilang kabahagi ng kaluwalhatiang darating.

A. Ang mga Pananagutan ng mga Matanda (Presbyteroi).

(i) Ang alagaan ang kawan ("magpastol" at mangasiwa — episkopountes).

(ii) Ang mamuhay nang huwaran.

B. Ang Tamang Motibo ng mga Matanda.

(i) Kahandaang maglingkod.

(ii) Pagnanais na "magbigay" sa halip na "kumuha".

(iii) Pagkilala sa banal na pagkakatiwala.

(iv) Pag-asam sa "Punong Pastol".

C. Ang Gantimpala para sa isang Matanda.

"koronang hindi kumukupas".

2. Mga Susi sa Matagumpay na Buhay Cristiano. v 5-9.

(i) Saloobin sa Diyos.

- Pagpapasakop sa Kanyang kalooban (6).

- Pagkilala sa Kanyang Kapangyarihan at Biyaya (6, 7, 10).

(ii) Saloobin sa iba.

- magiliw na pagpapasakop

- paggalang sa mas nakatatanda

- di-makasariling paglilingkod.

(iii) Saloobin sa sarili.

- Kababaang-loob.

- Kalayaan mula sa pagkabalisa.

- Pananampalataya sa isang Diyos na nagmamalasakit.

- Pagpipigil at pagbabantay.

(iv) Saloobin sa kasamaan.

- kilalanin ang tunay na kaaway.

- labanan si Satanas sa pananampalataya.

- kilalanin na hindi ka nag-iisa.

3. Luwalhati sa Diyos! v 10-11.

- Pagbabasbas at Doksolohiya.

- Ang Pagtawag ng Diyos (at layunin).

- Ang paghihirap ay maaaring maging pagpapala, sa ilalim ng Diyos.

4. Isang Magiliw na Pamamaalam. v 12-14.

- Si Silvano (o Silas), ang tagasulat ni Pedro.

- "Ang nasa Babilonia" — sagisag na pangalan para sa Iglesia sa Roma.

- Si Marcos, espesyal na kaibigan ni Pedro.

- Isang huling "pangkalahatang" pagbati.

(John Williams.)